

1

“I don’t think this is a good idea, but hell, Roselyn is right. I need to unwind after two weeks worth of hard work.”

Natagpuan ni Kendis ang sarili sa *Gringo’s Restaurant*. Naroon sana siya upang kumain ng hapunan mula sa trabaho sa araw ng Linggo na dapat ay day-off niya.

Siya ang bagong clinical manager ng business na *Urology Associates* sa Medical Center Boulevard, Webster, Texas. Isa iyong nagsisilbing maliit na lugar sa Texas kung saan matatagpuan ang Filipino community.

Si Roselyn ay ang receptionist na naging kaagapay niya upang pansamantalang mapatakbo ang private clinic nila. Naging malapit na rin niyang kaibigan ang babae.

Nakabakasyon ang office manager nila at ang pinalitan niyang clinical manager ay umalis na kaagad sa trabaho sa pangatlong araw mula nang magsimula siya. Kung nagpaalam ito sa mga amo nila ay hindi niya alam.

The One That Got Away - Jaimie Atienza

Ang dalawang doktor ng clinic ay wala rin; ang isa ay nasa outreach sa ibang lugar, habang ang isa naman ay nag-cover sa partner nito bilang doctor on-call sa ilang ospital kung saan may credentials itong manggamot ng mga pasyente.

“What can I get you, Miss?” narinig niyang tanong ng bartender habang lumilipad ang isipan niya.

“Hurricane please,” walang-kurap niyang tugon. *I was advised to unwind, so I will.* Sinunod niya ang payo ng katrabaho at kaibigan na mag-relax matapos ang napaka-stressful na dalawang linggo, hindi lang sa trabaho kundi sa personal na buhay niya rin.

Hurricane ang napili niyang inumin dahil medyo matamis ito. Mixture iyon ng rum, fruit juice at syrup na tamang-tama sa kanya dahil ayaw niyang natitikman ang lasa ng alkohol, ngunit gusto niyang may kaunting sipa sa iinumin niya.

Katatapos lamang ng relasyon niya sa kanyang fiancé dahil sa pagtataksil nito, at ngayong araw nga ay nalaman niyang hindi nito binabayaran ang renta nila sa apartment at nanganganib na mapatalsik pa siya roon.

“Come on, Leo, for once take your Mr. Upright

personality off and have fun. Do something crazy, para makalimutan mo iyang problema mo,” sulsol ni Alex na malapit na kaibigan ng binata. Medyo tipsy na ito dahil nasa bar area sila ng *Gringo’s Restaurant* at umiinom na lamang ng beer.

“Oo nga, just this once, para naman may excitement iyang buhay mo,” dagdag ni Michael na nagdadalawa na rin ang paningin.

“Kababalik ko lang and we’re already having fun, and for the record, the problem is fixed,” tanggi ni Leo, “Besides, I have to go back to work tomorrow and who knows kung ga’no karami ang trabahong naghihintay sa ’kin.”

“That is the whole purpose of it, have fun bago mo ulit isubsob ang sarili mo sa trabaho. Yes, we are having fun, but tonight we should do something different. The past weeks were crazy and we have to relax and release. If you know what I mean.” Kinindatan pa siya ni Alex.

Hindi pa man malalim ang gabi ay tinamaan na silang tatlo, mula sa rum and *Coke* na in-order nila kanina. Kaya naman um-order na lamang sila ng beer bilang pagsunod sa *The liquor then beer rule*.

Isang rule na sinusunod na nila noong high

school students pa lamang sila. Madalas silang uminom noon pa man, but they would always drink responsibly.

“Isang buwan kayong nawala at ang tagal na simula nang huli tayong lumabas na tatlo na hindi meeting o conference call ang pinupuntahan natin, dapat lang naman na sulitin natin ang gabing ito,” ungot ni Michael. “This doesn’t happen everyday.” Dinampot nito ang mug ng beer sa harapan at nilagok iyon.

Si Leo ay ang office manager ng private clinic kung saan sina Michael at Alex ang doctors. Sinimulan nilang tatlo ang business pagkatapos makakuha ng lisensya ang dalawang kaibigan niya.

Filipino-American ang tatlong lalaki at nagkakilakilala sila noong high school years. At dahil sa dami ng pinagdaanan ay tumibay ang pagkakaibigan nila. Pare-parehas sila na career-driven kaya hanggang ngayon ay wala pa rin silang sari-sariling pamilya.

“How about a dare? Talk to that girl,” ani Alex na ginamit ang nguso upang ituro ang babaeng tinutukoy, “just for fun, ngayong gabi lang.”

Sinundan ng tingin ni Leo ang babaeng tinutukoy nito na ilang hakbang lang ang layo sa kanila.

Nakasuot ito ng puting loose blouse na pinalooban ng itim na tank top at nakaitim na shorts. Napako ang tingin niya sa babae.

Simple lamang itong tingnan sa buhok nitong naka-ponytail, walang kolorete ang maamo at makinis na mukha at morena ang kutis nito. Isang katangian ng babae na gustung-gusto niya.

Nabaling ang tingin niya sa batok nito nang tumalikod ang dalaga na nagmamasid lamang sa paligid.

“Go talk to her now, man!” udyok ni Michael na nagpabalik sa kanya sa kasalukuyan.

Don't, tanggi ng matino pa niyang isipan sa kabila ng kanyang pagkalasing.

“What’s wrong? Bakit ayaw mong gawin, nangangalawang ka na ba sa panliligaw sa mga babae?” tukso ni Alex, kahit na alam nilang tatlo na hindi totoo iyon.

Kung tutuusin, lahat sila ay hindi na kailangang manligaw pa. Babae na mismo ang lumalapit dahil sa kanilang taglay na karisma. Ngunit si Leo ay hindi lang karisma ang taglay, sex appeal din. He was indescribably hot! Two-in-one, wika nga.

“Go, Pare! Come on, have fun,” kulit ni Michael.

“No, Michael, ayoko,” tanggi pa rin niya, ngunit hindi inaalis ang tingin sa dalaga.

Nakita niyang um-order ito ng beer, ngunit kung tatantyahin ang kilos nito ay mukhang tinamaan na ito sa inuming sa tingin niya ay *Hurricane* na nasa tabi nito.

He wanted to approach her but was hesitant because he believed that it was not the way to approach women.

“Ako na lang ang lalapit, Michael, what do you think?” pakli ni Alex sa iniisip niya.

“Go, Pare!” sang-ayon ni Michael at nagkibit-balikat na lamang. “Ayaw naman nitong si Leo, eh.”

“How much do you want to make a bet? Maiuuwi ko siya tonight,” anito na puno ng pagmamalaki. Natauhan si Leo nang marinig iyon.

“I’ll do it!” aniya at hindi na hinintay pang sumagot ang dalawang kasama. *Hindi ako papayag na pagpustahan ka. Alak nga naman!* naisaloob na lang niya habang papalapit sa babae.

Hindi sa wala siyang tiwala sa mga kaibigan, mga respetadong tao ang mga ito ngunit kung alak

na ang nagpapatakbo sa isipan ng mga ito ay iba na ang usapan.

Here goes nothing...

Kinapa ni Kendis ang kumot upang balutin ang buong katawan matapos maramdaman ang malamig na simoy ng hangin sa likod niya.

Mabango ang cologne na nalanghap niya sa kumot na iyon, hindi masakit sa sensitive niyang ilong. Ngunit hindi niya maalala kung kanino iyon. Napadilat siya. Hindi iyon ang cologne ng ex-boyfriend niya! *Shoot!*

Tiningnan niya ang sarili nang muli ay makaramdam ng lamig. Nanlaki ang kanyang mga mata. She was naked! At tanging kumot lamang ang nakabalot sa kanyang katawan. *Oh my God, this is not my apartment!* sabi niya sa sarili nang igala ang mga mata sa paligid. Hindi pamilyar ang silid na iyon.

Dali-dali siyang bumangon, isinuot ang unang nakitang long-sleeved polo shirt na nakasabit sa upuang nasa tabi ng kama at ibinutones ito.

Natigilan siya nang may makitang note sa tabi ng kama. Binasa niya iyon.

*Good morning. I'll be making coffee downstairs.
See you there.*

Crap! I made love with him? Napatakip pa siya ng bibig nang mapagtanto ang realidad ng sitwasyon. Darn! You had too much fun, Kendis.

'Make love' because for her, sex was sacred and it was the sharing of two people's love. Ngunit ngayon, biglang naglaho ang lahat ng iyon dahil taliwas ang ginawa niya.

Pinulot niyang lahat ang mga gamit na nakakalat sa sahog, mula sa underwear, shorts, at bag niya. Hindi niya makita ang blouse kaya naman nagdesisyon siyang lumabas ng silid.

"Aray ko!" nagulat na hiyaw ni Kendis nang mauntog siya sa hindi niya malaman na kung ano. *Oh, my God!* Dibdib iyon ng isang matikas na lalaki. And he was incredibly gorgeous! "I... I'm sorry..." aniya habang hawak ng isang kamay ang parte ng ulo na tumama roon.

May tuwalyang nakatapi sa baywang nito upang takpan ang pang-ibabang bahagi ng katawan nito.

Hawak ng lalaki sa magkabilang kamay ang dalawang tasa ng kape na ginawa nito para sa kanilang dalawa. Kitang-kita niya ang kisig ng dibdib nito at ang mga brasong kay sarap pisilin.

He's very... manly, naisaloob niya.

“Are you okay?” Bahagyang yumuko ito upang tingnan ang parte ng ulo niyang tumama sa dibdib nito.

“Y-yes,” hindi humihingang tugon niya.

“Coffee? I made a cup for you,” he offered with a sweet smile.

Aabutin na sana niya ang tasa ngunit napako ang tingin niya sa abs nito, kaya imbis na mahawakan ang tasa ay sumagi iyon sa kamay niya at natabig iyon.

“Oh, my goodness! I am so sorry,” naisatinig ni Kendis nang matapon ang kape sa tuwalya ng binata hanggang sa bandang paa nito, kaya dali-dali siyang kumuha ng paper towel at pinunasan ang mga bahaging natapunan.

“It is okay,” awat ni Leo ngunit tila hindi naririnig ng natatarantang dalaga.

Makailang beses nitong nasagi ang pagkalalaki niya, kaya naman kahit anong pigil niyang mag-init

iyon ay parang may kusang pag-iisip na lumabag sa kanya. Lumuhod pa ang dalaga upang punasan ang binti at paa niyang natalstikan din ng kape.

“I am so sorry,” muli ay usal nito.

“You didn’t have to...” muli ay subok na awat niya at bahagyang humakbang pautos upang iiwas ang sarili. Umakma siyang yuyuko para patayuin ito, but the unexpected happened.

“Oh dear!” tanging sabi na lamang ni Kendis habang namumula ang mga pisngi na tinakpan ang bibig ng kamay nito at tumalikod sa binata. *What is wrong with you, Kendis? You’re so clumsy!* pagalit niya sa sarili.

Nalaglag ang tuwalyang tanging nagsisilbing pantakip nito sa sarili. Sakto ng napatungo siya.

“...do that,” patuloy na saad ng napahiyang si Leo at dali-daling inabot ang tuwalyang nalaglag sa sahiq.

Wala sa sariling napahawak si Kendis sa noo niya, nag-iisip kung haharapin ba ang binata o hindi. “Forgive me, I... I...” Subalit ganoon lamang ang kanyang nasabi, wala siyang mahanap na isasagot dito.

“It’s okay. I apologize, it is my fault for not putting some clothes on first. Please have a seat,” alok na lamang nito at inurong ang upuan para sa kanya. Ngunit bago pa man siya makaupo ay biglang sabay na nag-ring ang mga cellphones nila.

“Excuse me,” sabay pa nilang paalam. Kinuha ni Kendis ang cellphone sa loob ng purse na nailapag na pala niya sa mesa habang si Leo naman ay pinuntahan ang cellphone sa counter top ng kusina.

Parehas silang tumalikod sa isa’t isa upang bigyan ng privacy ang mga sarili. Ngunit habang kinakausap niya ang katrabahong si Roselyn sa cellphone ay bahagya niyang ibinaling ang tingin sa direksyon ng lalaki.

Hindi niya maiwasang humanga sa katawan nito—he had broad chest and fine cut shoulders.

Parang biglang lumaki ang ulo ko...

Hindi rin nakatakas sa kanya ang magandang ngiti ng binata at ang mapuputing ngipin nito habang kausap ang kung sinumang nasa kabilang linya. Katangiang una niyang tinitingnan sa isang lalaki. At ang mga pilik-mata nito... pilik-mata na mas mahaba pa sa kanya.

Tama na ang paglalaway, Kendis.

The One That Got Away - Jaimie Atienza

Bigla niyang naalala ang pag-approach nito sa kanya nang gabing lumipas. She rolled her eyes.

“Hi, I cannot help but notice how well you handle your way of drinking,” he whispered in her ear. Right there and then, tila bigla siyang nagayuma nito.

Last night was so not you! narinig niyang hiyaw ng isipan.

“I’ll be there in thirty minutes,” aniya nang agawin ni Roselyn ang atensyon niya.

2

“I have to go,” magkasabay na sabi nila. “I’m needed at work and...” Parang nagdu-duet sila habang sinasabi iyon, dahilan upang pareho silang mapahinto at magpakawala ng tawa.

“Go ahead,” pagpapaubaya ni Leo na iminuwestra pa ang kamay na pinapauna ang dalaga na magsalita.

“Kailangan ko nang umalis, kailangan kasi ako sa trabaho, eh,” halos hindi humihingang paalam ni Kendis.

Sinadya niyang magsalita ng Tagalog dahil naalala niyang sinabi nito sa kanya na part-Filipino ito.

Sigurado ka bang kaya mong iwan ang Adonis na ito? Parang may kumurot sa puso niya.

“Me too, kailangan ko ring mag-ready for work.” Wari’y kinakitaan niya ito ng lungkot sa mga mata.

Kapwa sila natahimik at naghintay ng pagtutol mula sa isa’t isa. Ngunit kagat-labing pinilit niyang huwag bumigay.

Nararamdaman ng binata na naiilang siya rito at nirerespeto nito iyon. Hindi nga naman sila magkakilala at ito pa ang kinahinatnan nila. Sa isip ay sinisi nito ang dalawang kaibigan.

“So...” putol ni Leo sa katahimikang namamagitan sa kanila.

“U-uhm... sige, alis na ’ko,” paalam ni Kendis na huminga muna nang malalim bago muling nagsalita. Nagmamadali niyang kinuha ang bag at tumungo sa pinto upang lumabas.

“Wait, Lara, I’m gonna need my shirt back,” habol nito with a smirk on his face.

Napahinto siya sa paglalakad at tumingin sa pang-itaas na suot.

Crap! aniya nang makita ngang suot pa niya ang damit ng binata. *Lara? Oo nga pala, ’yun ang pangalang ibinigay ko sa kanya kagabi.*

Madiin niyang ipinikit ang mga mata at ikinuyom ang kamay upang pigilin ang sarili sa pagkapahiya. Huminga siya nang malalim.

“I think you need these,” pukaw ni Leo na iniangat pa ang blouse at tank top niya. “And I’m gonna need my shirt back...”

Nakatayo na ito sa harapan niya, bitbit ang mga damit at ngiti sa mga labi nito. Ngiting hindi nangungutya bagkus ay parang ngiti na wari ay nasisiyahang humarap siya.

Get a hold of yourself, Kendis, paalala niya sa sarili nang maramdamang tila nanlambot ang kanyang mga tuhod sa pagkakalapit nila.

“T-thank you.” Nakita niyang nakatingin ito sa mga labi niya at dahan-dahan na nitong inilalapit ang sarili sa kanya.

Once again, she just froze. Hindi man lang siya umiwas sa halik na iyon, bagkus ay hinintay at hinayaan pa niya iyong maganap.

Isang mainit at mariing halik ang ginawad nito sa kanya. Halik na nagpabalik sa alaala niya sa namagitan sa kanila nang nakaraang gabi. Halik na muli ay nagpainit sa kanyang katawan.

Habang sakop ng binata ang bibig niya ay naramdaman niyang dahan-dahan nitong hinuhubad ang suot niyang polo.

Kendis! tawag ng isipan niya.

“I’ll just give it back to you,” nangangatal na sabi niya matapos bumalik sa kasalukuyan.

Pagkaabot niya ng mga damit mula sa binata ay dali-dali niyang isinuot ang mga iyon at mabilis na umalis na hindi na hinintay pa ang tugon nito.

“Roselyn, inform Miss Villaruz to see me once she comes in, please,” utos ni Leo sa kausap niya sa telepono.

Pagdating niya sa opisina ay ngiti lang ang naibigay sa kanya ng lahat ng empleyado dahil abala ang mga ito upang tawagan ang mga pasyente at kanselahin ang appointment ng mga ito sa mga doktor.

“Yes, Sir,” tugon ng babae. Ibinaba na nito ang receiver pagkatapos.

Marahil ay may hangover ang dalawang iyon, naisip niya na ang tinutukoy ay sina Alex at Michael. Well, kailangan din nilang mag-enjoy paminsan-minsan at hindi lang laging trabaho ang harapin.

Pangalawang pamilya na kung ituring ng tatlo ang mga empleyado. Madalang silang magbakasyon kaya naman ipinagtutulukan pa sila ng mga tauhan para mag-relax. Nitong nakaraang buwan nga lang siya nag-file ng vacation leave dahil kay Melissa.

The One That Got Away - Jaimie Atienza

Si Melissa ang fiancée niya. Nakabase ito sa Los Angeles at dahil long-distance ang kanilang relationship ay nai-insecure ang dalaga at gusto nang makipaghiwalay sa kanya. Pinuntahan niya ito upang patunayang tapat siya rito at mahal niya ito.

Tapat? Bigla niyang naalala ang pagkakamaling nagawa. But could he blame himself? Pagkatapos ng lahat ng sakripisyo na ginawa niya sa California para kay Melissa na halos ay hindi na niya makita dahil sa dami ng lalaking nakapaligid dito.

Now you're just making excuses, Leo, sumbat ng konsyensya niya.

He tried to shake everything off his head and tried to forget that passionate night.

But how? Matatagalan bago ko makalimutan ang babaeng iyon lalo na ang nangyari sa 'min, usal ng isip niya. Her luscious lips, her soft and warm body at higit sa lahat, ang mala-anghel niyang mukha, pag-alala niya sa babaeng nakaniig nang nakaraang gabi at bigla ay napangiti siya.

Hinarap niya ang trabaho. *Kendis actually did a great job,* puri niya sa magandang performance ng bagong clinical manager habang wala siya. Inimis niya ang mga naiwang trabaho at tinutukan ng

pansin ang mga charts na kailangang i-audit ng mga insurance companies.

Maliban doon ay tapos na lahat ang dapat ay trabaho niya. He was pretty impressed. *I need to give her a raise*, he noted to himself.

Inayos muna ni Kendis ang navy blue niyang scrub bago kumatok sa pinto ng boss niya na ngayon pa lang niya makikilala. Ipinatatawag daw siya nito, ayon kay Roselyn.

Nakakausap niya ito sa telepono paminsan-minsan kapag may tanong siya, pero ngayon pa lamang sila maghaharap.

Kumatok siya nang tatlong beses sa pinto bilang pahiwatig na may tao sa labas ng tanggapan.

“Come in,” sagot ng pamilyar na boses. Ipinihit niya ang seradura ng pinto at binuksan iyon.

Biglang nanlaki ang mga mata niya nang makita ang binatang nakaupo sa swivel chair nito at ganoon din ang naging reaksiyon nito sa kanya.

“Come in, Miss Villaruz, and please close the door.” Si Leo ang unang nakabawi. Tumalima ang dalaga ngunit hindi pa rin makapaniwala na muli

silang nagkaharap ng lalaking nakaniig niya nang nakaraang gabi. “Have a seat, please.” Nakangiti ito at muli ay sumunod siya.

“So, it’s nice to finally meet you, Miss *Kendis Villaruz*,” bungad nito na tumayo pa upang ilahad ang kamay sa kanya, ngunit diniinan nito ang pagsabi sa first name niya dahil hindi iyon ang pangalang gamit niya nang una silang magharap sa restaurant.

Huminga muna siya nang malalim, maintaining her composure.

“It’s nice to finally meet you as well, Mr. Chris Leonard Carrasco.” Pilit siyang ngumiti.

Gusto niyang ipaalam dito na kung anuman ang nangyari nang nakaluipas na gabi ay labas sa work environment nila. At mukhang nakuha naman iyon ng binata dahil sa higpit ng pakikipagkamay niya rito.

“You can call me ‘Leo’ from now on,” anito at binawi na rin ang kamay. Nagpatianod naman siya.

Leo pala, eh, bakit sinabi mo sa ’kin kagabi na ‘Chris’ ang pangalan mo? Pero sa isang banda, may Chris naman sa pangalan nito at palayaw lamang nito ang ‘Leo’ mula sa Leonard. “So shall we start?”

Nakatitig lamang si Leo kay *Kendis* habang ini-

explain ng dalaga ang ayos ng mga charts na nasa mesa niya. He could not stop looking at her face, kanina pa niya ito gustong halikan ngunit pinipigilan niya ang sarili.

He was not interested in all the information she was giving him, instead he wanted to talk to her about what happened last night and how they should deal with it.

Iba naman ang ipinaalam ng mga kilos nito sa kanya. She was serious at inirerespeto niya iyon. He actually liked her being professional.

Dumerecho si Kendis sa rest room pagkagaling na pagkagaling sa opisina ni Leo. Pinawalan niya ang kanina pa nangingilid na luha sa mga mata niya.

Ano ba itong pinasukan ko? Isang gabing pagkakamali, kailangang pagdusahan ng matagal na panahon? I slept with my boss! I can't afford to quit now, nagpa-panic na reklamo niya sa sarili.

Kanina pa niya iniisip kung ano ang gagawin, kung magre-resign ba siya o hindi. Hindi niya kayang magtrabaho kasama ang binata gayong alam niyang boss niya ito at ang masaklap pa ay magkatapat sila ng opisina.

Tuloy, ang dating saya niya sa pagtatrabaho ay napalitan ng pagnanais na makaalis kaagad para pag-isipan ang lahat. Naghilamos siya ng mukha at bahagyang nag-retouch muna bago tumungo sa sariling opisina.

Samantala...

“May malaki akong problema, Alex, and this is your entire fault!” natatarantang bulalas ni Leo. He had to blame somebody for his wrongdoing. *Human nature*, napapailing na naisip niya.

“Anong all my fault? Please don’t yell, masakit na nga ang ulo ko, eh.” Napi-picture pa niya ang hitsura ng kaibigan na hawak ang noo habang ang isang kamay ay hawak ang cellphone at nakapikit na nakikipag-usap sa kanya, dahilan upang mapangiti siya.

Hindi naman talaga siya galit, nagpa-panic lang siya dahil sa nakita niyang naging reaksyon ni Kendis kanina. Parang ayaw na nitong magtrabaho sa kompanya nila.

“It’s about the girl na pinagpustahan natin kagabi.”

“What about her? May nangyari ba sa inyo? O natakot at iniwan ka?” sunud-sunod na tanong nito

na halatang interesado.

“Well, siya lang naman ang bago mong clinical manager. Yes, may nangyari sa 'min and yes, iniwan niya 'ko but that's because we both had to leave,” sagot niya.

“What?” halos mapasigaw na tugon nito sa kabilang linya. “Siya si Kendis Villaruz? Crap! So, ano ang plano mo?”

“Yes!” sagot niya na tumatango pa na animo'y nakikita siya ng kausap. Lumingon muna siya sa paligid at sinigurong sarado ang pinto bago muling nagsalita. “Plano ko? Wala pa, but I'm here to blame you. I knew this was going to happen. Alam mo kung ga'no ako kaingat sa mga actions ko, but one mistake, one stupid mistake will mess everything up,” dugtong niya.

“Malaking failure pala ang pustahan natin, but are you sure na stupid mistake ang nangyari sa inyo kagabi? You didn't even enjoy it?”

“That is not the point. You and Michael have to help me pull this through. I cannot believe we didn't even look at her picture.”

“I'll take that as a yes. Nag-enjoy ka naman pala, eh,” nanunuksong anito. “Ano'ng reaksiyon niya n'ung

nagkita kayo?”

“She was shocked, of course, but she never mentioned anything about it. Kaya lang gusto kong pag-usapan namin lahat ang nangyari. I want to fix everything.”

“Paano mong aayusin kung ayaw ka niyang kausapin tungkol doon? Hayaan mo na lang muna, give her time. Bibigay din siya, but for the meantime, just be professional about it. Act like nothing happened.”

“Okay, I guess I can do that. That will give me time to think things through.” At ibinaba na niya ang telepono ngunit kaagad naman siyang tumayo upang tumungo sa opisina ni Kendis.

For what reason? Hindi niya alam, he just had the urge to see her.

Kanina nagrereklamo ka sa pagkakamaling nagawa mo, 'tapos ngayon gusto mo naman siyang makita? kutya niya sa sarili.

Nalilibang na sana si Kendis sa trabaho niya at unti-unti na niyang nakakalimutan ang sitwasyon nila ng amo nang bigla itong kumatok sa pinto ng opisina

niya. Wala siyang magawa kundi ang i-entertain ito.

“Can I ask you something about last month’s billing?” bungad ng binata.

Hindi naman niya sakop iyon ngunit dahil siya ang tumayong office manager bukod pa sa posisyon niya bilang clinical manager ay inasikaso niya rin ang billing habang wala ito.

Dala nito ang kopya ng Explanation of Benefits o EOBs nang tumungo sa opisina ng dalaga. Hindi na siya nito pinatayo pa at ang lalaki na mismo ang lumapit sa kanya. Inilapag nito ang mga EOB reports sa kanyang mesa at tumayo siya sa likuran nito.

“Napansin ko na may mga procedures na nag-take back ng payment sa tsekeng pinapadala na isa sa mga insurance companies natin, I just wanted to know if you’re aware of it.” It was just an excuse. And him standing behind her and smelling her scent was giving him an unexplainable feeling. *I cannot believe that a one-night stand would cause such a big effect in me.*

“Which one, Mr. Carrasco?” tanong ni Kendis. Inusisa niya ang mga naka-print na papeles sa kanyang harapan. Sa halip na tawagin ito sa palayaw nito ay pinili niyang maging businesslike.

“Right here.” Bago pa man nito naituro ang pangalan ng pasyente ay dumako roon ang daliri ni Kendis, dahilan upang magtama ang mga balat nila. Bigla ay parang nakuryente siya sa aktong iyon at napahinto rin ang lalaki.

Sasabihin sana niya na alisin nito ang kamay sa ibabaw ng daliri niya, ngunit napatigil siya nang makitang nakatingin rin pala ito sa kanya.

It was the same look that he had this morning when he was about to kiss her. He was looking at her hotly, at nadadarang na naman si Kendis sa emosyong nakikita sa mga mata nito. Ngunit hindi gaya kaninang umaga na para siyang tuta na nagpapatianod sa bawat sabihin at ikilos nito ay pinigilan niya ang sarili.

Binasag niya ang nakakailang na katahimikan.

“Mr. Carrasco... I am aware of it, Sir. It’s an overpayment dahil nabayaran na nila iyon dati pa. Someone might have overlooked it sa department nila noong ini-issue ang check sa ’tin kaya nadoble.”
Be professional, Kendis, be professional.

“I see, just please give me the reports,” nailang na sagot ni Leo at umalis na.

Nagpakawala ng buntong-hininga ang dalaga

The One That Got Away - Jaimie Atienza

nang makalabas na ito ng opisina niya.

3

Nang sumapit ang alas cinco ng hapon ay kaagad na kinuha ni Kendis ang bag sa pinakaibabang drawer ng mesa niya. Animo’y hinahabol siya habang mabilis na naglalakad patungo sa elevator matapos magpaalam sa mga katrabaho na mauuna na siyang umuwi.

“Where are you going?” nabasa niyang tanong sa mga labi ni Roselyn nang dumaan siya sa mesa nito. Sinenyasan na lamang niya ito na tatawagan niya ang dalaga.

Pinindot niya ang down arrow upang bumaba sa lobby ng professional building na iyon. Nasa sixth floor ang kanilang opisina.

Ayaw niyang makasabay ang kahit na sinong katrabaho sa elevator lalung-lalo na ang boss niyang si Leo. Gusto niyang mapag-isa para mapag-isipan ang mga pangyayari, ngunit sa kasamaang-palad ay nakita niya ito at naglalakad patungo sa kinaroroonan niya.

Kapag minamalas nga naman! Pasimple siyang lumapit sa pindutan, isinandal ang katawan sa dingding na pinaglilagakan niyon at patagong

pinipindot ito sa pag-asang mabubuksan kaagad ang pinto ng lift. Ngunit katulad ng inaasahan, hindi nag-cooperate ang elevator.

“Miss Villaruz, you seem to be in a hurry,” puna sa kanya ni Leo. Saka naman nag-beep ang elevator at bumukas ang pinto niyon.

Pahamak! sisi niya sa elevator.

“May kailangan pa kasi akong asikasuhin, kaya nauna na ako.” Pinilit niyang ngumiti at kaagad na pumasok sa elevator. Sinundan naman siya ng binata.

Tumungo siya sa pinakadulong bahagi ng munting chamber na iyon at nakatayo naman sa bandang gitna si Leo.

Tahimik lamang silang dalawa hanggang sa sumara ang pinto ng elevator at bumaba sa fifth floor. Then it stopped.

Tukso nga namang talaga, muli ay usal ni Kendis sa isipan niya. Isinuklay pa niya ang kamay sa kanyang buhok at tumingin sa sahig.

Anim na tao ang pumasok sa elevator, dahilan upang mapaurong si Leo sa likod. Muli ay sumara ang pinto niyon at tumigil ulit sa fourth floor. Halos sabunutan niya ang sarili. Dalawang tao ang pumasok

at halos siksikan na sila sa loob.

Walang choice si Leo kundi ang dumikit sa kanya, nginitian lamang niya ito at napuna niya ang pilit na ngiting itinugon nito. Another floor and it stopped. Kendis rolled her eyes.

“Figured this was going to happen.”

“What’s that?” tanong sa kanya ni Leo nang marinig ang sinabi niya. Napalakas yata iyon nang kaunti.

Saktong may humabol pang pumasok sa elevator at nagsiksikan ang mga taong nasa loob. Napagawi ang mga mata ni Leo sa direksyon ng dalaga at napatingin din siya sa direksyon nito. Buti na lamang at na-balance nito ang sarili at hindi nahalikan ang dalaga. Ngunit napatigil sila sa ganoong posisyon na magkadaiti ang kanilang mga katawan at magkaharap sa isa’t isa.

Naamoy ni Kendis ang pabango nito, the very same cologne na naamoy niya kaninang paggising niya. Nakahahatak ito ng sensasyong hindi niya maipaliwanag, at sa distansya ng mga labi nila ay muntik na niyang nakalimutan kung nasaan sila.

Tumikhim siya, dahilan upang matauhan din ang binata. *How can he have this effect on me? Madikit*

lang ako nang konti sa kanya, halos gusto ko na siyang pupugin ng halik. Pinalis niya ang ideyang iyon.

Isa-isang binuksan ni Kendis ang mga envelopes na nakasalansan sa coffee table niya habang nakaupo sa couch. Napatakip pa siya ng bibig nang makita ang outstanding balance ng mga credit cards niya at kung ilang buwan nang late ang payment niyon.

Nanlumo siya. Lahat ng credit cards niya ay na-max out na.

This is what I get for entrusting my money to my ex-boyfriend. I trusted you so much. Ginamit noon ang mga credit cards niya sa pag-aakalang babayaran naman iyon. At least, iyon ang nangyari sa loob nang ilang buwan na pagsasama nila.

She was engaged to be married to Marcus. She thought he was the one. Lahat ay settled na kahit apartment pa lamang ang tinitirahan nila, which was, by the way, under her name. Nagpaplano silang magpakasal sa loob ng dalawang taon kapag nakaipon na ang loko, ngunit sa kasamaang-palad hindi iyon ang nangyari.

Dahan-dahang naging malamig ang binata sa kanya; laging nag-o-overtime sa trabaho at gabi

na umuuwi. Isa itong medical assistant kaya hindi siya naghinala na may ginagawa itong kalokohan hanggang sa mahuli niya ito na may kasiping na babae sa loob ng apartment niya.

Naramdaman ni Kendis na biglang nag-init ang mga mata niya at may luha nang nagbabadyang umagos sa kanyang mga pisngi. Ipinikit niya ang mga mata at hinayaang tumulo iyon.

Ang hayop na iyon!

Iyon na yata ang pagkakataon na mailalabas niya ang sama ng loob pagkatapos ng lahat ng dagok sa buhay niya. Ibinaluktot niya ang sarili at isinandal ang ulo sa armrest ng couch, habang yakap ang dalawang tuhod. Hinayaan niyang ilabas ang sama ng loob at iiyak ang sakit na nararamdaman niya.

Nangingiti si Leo habang nakasandal sa headboard ng kama at nanonood ng telebisyon bilang pampaantok niya, ngunit hindi siya dalawin ng antok. Bagkus ay paulit-ulit na naglalaro sa isip niya ang karanasan kasama ni Kendis.

“Let me take you home, mukhang kailangan mo ng tulong,” alok niya.

The One That Got Away - Jaimie Atienza

“No, thank you, kaya kong umuwi mag-isa,” tanggi nito na sinubukang tumayo mula sa kinauupuan.

Kanina pa pinipilit ni Leo na ihatid niya ang dalaga, ngunit todo-tanggi ito. Dahilan upang humanga siya.

Ang akala niya ay kagaya ng ibang babae ay bigla na lamang itong sasama at makikiniig sa unang lalaking nakita ngunit hindi pala. Nagkaroon tuloy siya ng pagnanais na protektahan ito. Kahit na mukhang independent ang babae ay alam niyang sa hitsura nito ay kailangan nito ng tulong.

“I’m bringing you home.” Sinalo niya ang dalaga nang muntik na itong matumba habang tumatayo.

Dinala niya ito sa condo unit niya.

“You can put me down,” anito na halatang nasa ilalim pa rin ng espiritu ng alak.

Sumunod siya at ibinaba nga ito sa harapan ng pinto ng condo unit niya, ngunit nang subukan nitong humakbang ay bigla itong nahilo. Muli ay muntik na sanang madapa ang dalaga subalit mabilis niyang nasalo ito.

Nag-angat ng ulo si Kendis at nakita niya ang mapupungay nitong mata. Wala sa sariling napatitig din siya sa mga labi nito. And because of that, ang

pagpipigil niya ay napalitan ng pagnanasa. Marahan niyang hinalikan ang dalaga at naramdaman niyang tumugon ito.

“Are you sure?” anas niya sa nais nitong mangyari sa kanila at tumango ito. The rest was history.

Hindi siya makapaniwala na sa dinami-daming babae sa Texas, iyon pang clinical manager ng opisinang pinapatakbo niya na nakakausap lamang niya noon sa telepono, ang makakasiping niya nang gabing iyon.

Dati ay hindi niya binibigyan ng kahulugan ang pagpuna niya sa magandang boses nito sa telepono. She sounded very sexy though he knew she was not trying to be. Sa wakas ay nakilala na rin niya ito, ngunit hindi niya inaasahang sa ganoong sitwasyon—magkatrabaho pala sila.

Muli ay naisip niya kung paano pagapangin ng dalaga ang hintuturo nito sa kanyang dibdib habang naglalalambing, at sa tuwing bibiyayaan niya ito ng halik ay lumalayo ito. Making him want her even more.

Woman, you are driving me crazy!

P’ano na si Melissa? biglang pumasok sa isip ng binata. It hit him. Kaya nga siya pumunta sa California

ay upang ayusin ang nagkakalabuang relasyon nila ng kanyang nobya, ngunit siya pa ngayon ang nagtaksil dito.

Isang pagkakamaling hindi ko na dapat ginawa. But damn, it was worth it! pagalit niya sa sarili.

Kumatok si Kendis nang tatlong beses sa pinto ng opisina ni Leo. Ayon kay Roselyn ay may meeting daw sila. Nang marinig ang boses sa kabilang bahagi ng pinto na pinapapasok siya ay binuksan niya ang pinto. Bahagya pa siyang nabigla nang makita na parehong nandoon ang dalawang doktor nila, bukod kay Leo.

“I believe I haven’t formally introduced to you our doctors. Kendis, these are Dr. John Michael Fernandez and Dr. Alex Mendoza.”

Iniabot niya ang kamay upang makipagkamayan sa mga ito, at ngiti lamang ang isinukli niya nang may sinabi ang mga ito na papuri sa kanya.

Physically present man siya at mentally absent naman dahil sa kabang nadarama niya.

“Is everything okay, Miss Villaruz?” tanong ni Alex nang napunang namumutla ang dalaga.

“Yes, Sir. I’m just not feeling well this morning.”

“Do you think you need a day off? You can go home after the meeting,” anito nang makita ang pag-aalala sa mukha ni Leo nang tapunan nito ng tingin ang kaibigan.

“I’ll be all right,” paniniguro niya. “Besides, I cannot afford to miss a day of work.”

“Okay, but feel free to do so, if needed,” sabi ni Alex. Tumango siya. Tumikhim ito. “I called for a meeting because of an incident that happened over the weekend,” simula nito, nakita na na-tense ang dalaga. “I know that it is a personal matter, it just so happened that we were there with Leo n’ung nagsimula iyon,” dagdag nito na nakatingin sa kaibigan na nakayukong nakikinig sa kanila.

“Don’t worry, Miss Villaruz, hindi ka naman namin hinuhusgahan, we’re just human. We believe in having a break, too,” singit ni Michael nang makita na biglang namula ang kanina lamang ay namumutlang mga pisngi niya.

“I think the reason why we’re all here is because we owe you an apology,” hindi na mapigil pang naisaboses ni Leo.

Sa wakas, nagsalita rin, ani Kendis sa kanyang

isipan. *But wait...* Kunot ang noong napatingin siya sa office manager. “Apology?”

“Yes, Miss Villaruz, apology. None of these would have happened kung hindi kami nagkaroon ng pustahan,” paliwanag nito.

“I’m sorry, hindi ko yata maintindihan.” Ang kahihiyang kanina ay naramdaman niya ay napalitan ng kakaibang galit. Sa kabila ng pagod at lahat ng problemang dinaraan niya ay nakuha niyang maintindihan ang sinasabi ni Leo. Naramdaman niyang nag-init ang buong ulo niya at parang ilang segundo lang ay kukulo na iyon.

“Sorry, Miss Villaruz, it was a stupid mistake. Pare-parehas kaming pagod at kagagaling lang sa iba’t ibang lugar at business, kaya nagdesisyon kaming mag-enjoy kahit konti. Little did we know na ikaw pala ang babaeng magiging biktima. Nagpustahan kaming tatlo na makukuha ka ni Leo sa loob ng isang gabi.” Si Alex ang nagpatuloy.

“Besides, hindi rin naman natuloy ang bayaran ng pustahan at nadala lang kami ng ispiritu ng alak, kaya nagkaganoon ang lahat. We take full responsibility sa lahat ng naging resulta ng actions namin,” sabat ni Michael.

May tumulong luha sa pisngi ng dalaga. “Are you serious?” tanging naisabi lamang niya.

Lumapit si Leo sa kanya at ipinatong ang kamay nito sa braso niya. “Hindi namin sinasadya, Kendis, I know it’s a big mistake and like what Michael said, we take full responsibility of our actions. ’Wag mo sanang isipin na gan’un kaming tao, nagkataon lang na—”

“It’s okay, let’s just forget about it. It happened at may kasalanan din naman ako,” pahayag niya sa pagitan ng pagluha.

Totoong may kasalanan siya. Kahit na ba pinagpustahan siya kung ayaw niya ay walang mangyayari sa kanila ni Leo. But she was drunk, too.

“Again, we apologize, Miss Villaruz. Ayaw naming magkaroon ng tension sa opisina ng ito as much as possible, and you are now part of our family,” ani Alex na puno ng sinseridad.

“Same here,” segunda ni Michael.

Iniangat ni Kendis ang ulo at pinunasan ang luha sa kanyang mga pisngi bago nagsalita. “Thank you for letting me know. I know it took courage to go to me and tell me all this. Ako man ay hiyang-hiya sa actions ko, but since lahat ay nasabi na at humingi rin

The One That Got Away - Jaimie Atienza

kayo ng patawad. I forgive you all, on one condition. I don't want to discuss this matter anymore with anyone else, not even with you, Mr. Carrasco," turan niya na tumingin sa office manager.

Nakahinga ang tatlo sa tinuran niya, lalunglalo na si Leo. Inihanda nito ang sarili sa maaaring mangyari kahit na masakit man sa kalooban nito na mapapalayo ang dalaga, ngunit sa kabutihang-palad ay pinatawad niya ang mga ito. Ang kondisyon niya ay mahirap yatang sundin para rito.